



# KAKAYAHANG MATIRAHAN 101



Alamin ang iyong mga karapatan at mga  
responsibilidad bilang isang nangungupahan sa  
California

## ANO ANG IBIG SABIHIN NG KAKAYAHANG MATIRAHAN?

Ang isang "kakayahang matirahan" na yunit ay isa na akma para okupahan ng tao at lubos na sumusunod sa mga code sa kaligtasan at kalusugan ng estado at lokal na gusali.

## ANO ANG KAILANGAN SA ISANG KAKAYAHANG MATIRAHAN NA TIRAHAN?

Ang isang kakayahang matirahan na yunit ay dapat mayroong:


- mabisang waterproofing at proteksyon sa panahon
- gumaganang tuberyas at mga pasilidad ng gas, at sapat na suplay ng tubig
- gumaganang mga pasilidad sa pag-iinit
- gumaganang mga sistema ng kuryente
- malinis at pangkalusugang malinis na lugar
- angkop na mga lalagyan para sa basura
- maayos na pinapanatiling mga sahig at mga hagdanan
- mga deadbolt na kandado sa ilang mga pinto
- walang mga panganib na tinggang pintura



## ANO ANG KINAKAILANGAN SA ISANG NANGUNGUPAHAN?

Dapat ayusin ng mga nangungupahan ang lahat ng mga sira dulot ng kanilang sariling kapabayaan o pang-aabuso, o mula sa sira dulot ng pamilya, mga bisita, o mga alagang hayop na kanilang pananagutan.

- Hal: panatilihing malinis ang mga karaniwang lugar, regular na maglabas ng basura, gumamit ng mga silid para sa nilalayan, huwag dungisin o seryosong sirain ang propyedad



## ANO ANG GAGAWIN KUNG KAILANGAN MO NG ISANG PAGKUKUMPUNI AT PAANO MAKAKUHA NG TULONG

- Makipag-ugnayan sa nagpapaupa nang nakasulat na may malinaw na detalye ng (mga) pagkukumpuni na kailangan at isang partikular na kahilingan para sa (mga) pagkukumpuni.
  - MAHALAGA na itala ang LAHAT ng komunikasyon!
  - Siguraduhing lagdaan at lagyan ng petsa ang sulat (o email) at ipadala ang anumang mga sulat na may pagsubaybay. Isama ang iyong adres sa mga liham.
  - Panatilihin ang mga kopya ng lahat ng mga dokumento at isang organisadong tala ng telepono ng anumang mga berbal na komunikasyon na may oras, petsa at mga detalye ng pag-uusap para sa iyong mga talaan.
- Kumuha ng mga litrato ang (mga) isyu na nangangailangan ng pagkukumpuni at itago ang mga ito sa maraming mga lugar para sa iyong mga talaan
- Muling sundan ito nang nakasulat kung hindi ka nakatanggap ng tugon. Kung hindi ka pa rin nakatanggap ng tugon, makipag-ugnayan sa isang abogado para sa tulong na igiit ang iyong mga karapatan.

### MAHALAGA:

Ang mga nangungupahan ay dapat makipag-usap sa isang abogado kung mayroon silang mga partikular na isyu sa kanilang mga paupahang yunit. Ang flyer na ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang.

### Para Sa karagdagang impormasyon:

Website: [www.HERACA.org](http://www.HERACA.org)

Email: [inquiries@heraca.org](mailto:inquiries@heraca.org)

Telepono: 510-271-8443

#### SOURCES

- California Civil Code section 1941 states that a property must be in a "habitable" condition. (Green v. Superior Court (1974) 10 Cal.3d 616, 637-638 [111 Cal.Rptr. 704, 719]; Civil Code Sections 1941, 1941.1.
- [https://leginfo.ca.gov/faces/codes\\_displaySection.xhtml?lawCode=CIV&sectionNum=1941.1](https://leginfo.ca.gov/faces/codes_displaySection.xhtml?lawCode=CIV&sectionNum=1941.1).